

KUMUSTA, MAHAL KITA

Kumusta Ka?

Nais ko sanang magpakilala.
ngunit batid ko na magiging kaakibat nito ang katanungang,
totoo ba?

O baka naman ibig mo lamang dumaan
at sumubok maging pansamantala?

Aaminin ko na takot akong mahulog ka sa iba.
Subalit ikatuturwa ba ng iyong pamilya,
na aariin kong ikaw ay akin
subalit sa kaibuturan
ay may pag-aalinlangan pa rin?

Natutukso ako minsang sulatan ka.
Ngunit baka tawa mo naman ay mag-iba.
Kaya heto 't pasulyap sulyap na lamang
at nagbabakasakaling
ako'y iyong mapansin.

Ibig ko rin sanang mag-alay ng gumamela sa 'yo
Ngunit baka akalain mong ito'y para
sa namatay mong aso.
Oo duwag ako.
Isang duwag na nangangarap na maging tayo.

Kumusta ka?

Ano't ang layo ng iyong tingin?
Pakay ko lang naman sana sa 'yo ay magpapansin.
Ngunit tila ang pangarap ko'y malabo pa rin.
Sapagkat puso't isipan mo'y patuloy na naglalakbay
sa kinabukasang tangi mong hinihiling.
Ibig kong sabayan ka sa paglakad
subalit dahil ako'y duwag,
minabuti ko na lamang na manatili sa iyong likuran,
upang iyong maging sandalan
sa tuwing ikaw ay nahihirapan.

Kumusta ka?

Sa tagal nating hindi nagkita
Puso ko ay nag-uumapaw sa saya
Sapagkat dumating na
ang pinakahihintay kong pagkakataon na magpakilala.
Heto ako at naghihintay sa puno ng mangga,
na madalas nating puntahan
tuwing tag-araw ay sasapit na.
Habang ikaw ay papalapit,
"Puso ko'y biglang sumikip, at natulala..."



Ayan na nga sya,
Ngunit walang patid ang pagpatak
ng kanyang mga luhia
Ang nais ko lang nama'y tanungin sya kung pwede na
Subalit hindi pa man nakapagsalita
Tinanong nya na ako ng, "Bakit ako pa?!"

Kumusta ka?
Pang-ilang ulit na ba?
Subalit nagigising pa rin akong ikaw ang inaalala.
Sa paghihintay, nalimutan ko nang
bilangin ang mga oras na nagdaan.
Natutunan ko na ring magkibit balik at
turwing tinatanong kung sino kaya?
Na minsa'y nagiging sino ba? At madalas, kelan ba?
Sa hindi inaasahang pagkakataon,
landas nati'y muling pinagtagpo.
Subalit dala mo pala ay punyal
na itatarak sa aking puso.
Kasabay ng iyong buntong hininga
ay ang 'di malilimutang mga kataga na
"Ayoko na, ako'y pagod na".
Ninai kitang yakapin
subalit mas pinili na lamang na manatili sa iyong tabi
habang pinakikinggan
ang iyong marahang paghihikbi.
Ang katahimikan na pumagitna sa atin
ay mistulang walang hanggan.
Batid kong ako ay handa na
subalit ano ba ang mas mahalaga?
Mahirap mamili kapag walang ibang pagpipilian
kundi ang masakit na katagang "paalam".

Lumipas muli ang mga oras, araw at taon.
Nagpatuloy ang pagharap sa mga hamon.
gayunma'y nanatiling hindi nagpatinag sa tukso ng panahon.
Sa halip ay kumapit sa pangarap
kahit hindi na tiyak
kung sya pa rin nga ba sa darating na bukas.
Bagamat hindi nasuklian
ang damdaming hindi nagawang maipagtapat,
Puso'y nanatiling siya lamang ang hinahanap.

"Kumusta ka?"
Akala ko ay sarili ko na namang tinig na nagpapaalala.
"Nasaan ka?"
At ako'y napabalikwas sa tuwa sapagkat totoo nga!
Damdamin ko'y tila nagising sa pagkakahimbing.
Nasagot na ang aking dalangin.
Sapat na ang katagang "hihintayin kita" mula sa kanya
Upang mabigyan ng pagkakataong
mabitawan ko na ang salitang "Mahal kita".

